Ang SALITA na Naging TAO

Ang PAHAYAG *ng* LIGONIER *sa* DOKTRINA *tungkol kay* CRISTO

Ang Salita na Naging Tao

Ang PAHAYAG *ng* LIGONIER *sa* DOKTRINA *tungkol kay* CRISTO

Ligonier Ministries

Karapatang Pagmamay-ari © 2023 ng Ligonier Ministries
Salin sa Filipino ng The Word Made Flesh: The Ligonier Statement on Christology, copyright © 2016 by Ligonier Ministries

Malibang iba ang binanggit, lahat ng ginamit na sipi mula sa Bibliya ay galing sa Ang Biblia, karapatang pagmamay-ari © 2001 ng Philippine Bible Society. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado ang lahat ng karapatan.

Sino si Jesu-Cristo? Halos lahat ng mga taong nasa hustong gulang na ay nakabuo na ng opinyon tungkol kay Jesus. Ang mga opinyong ito ay maaaring mababaw lang, nakabatay sa kulang na impormasyon, o talaga namang taliwas sa doktrinang Kristiyano (*heretical*). Napakahalaga ng katotohanan tungkol kay Jesus, hindi basta opinyon lang...at ang halaga nito ay magpasawalang-hanggan.

Ang mga taong dala-dala ang pangalang Kristiyano ay nagsasabing sinusunod nila si Cristo bilang mga alagad Niya. Meron silang Christology—isang doktrina tungkol kay Cristo—na sumasalamin sa pananaw nila tungkol kay Cristo. Ang ganitong Christology ay maaaring ipinapahayag nang tahasan o hindi. Maaaring nailalarawan o naipapakita nito ang lalim ng kapahayagan ng Diyos sa Bibliya at ang lawak ng kasaysayan ng pagbubulay-bulay ng mga Kristiyano sa Kasulatan, o maaaring ito ay kakaiba at nakahiwalay sa Salita ng Diyos. Ngunit hindi pwedeng sabihin ng isang taong nagsasabing siya ay Kristiyano na wala siyang Christology.

Dahil ang pagsunod kay Cristo ay nasa sentro ng Kristiyanismo, nagpagal at nagsumikap ang iglesya sa loob ng maraming siglo na ipangaral ang Cristo ng kasaysayan at ng Kasulatan, hindi ang Cristo na gawa-gawa lang ng ating imahinasyon. Ipinahayag ng mga Kristiyano ang biblikal na katuruan tungkol kay Cristo sa pamamagitan ng mga makasaysayang pahayag ng pananampalataya tulad ng Nicene Creed, ng Definition of Chalcedon, ng Heidelberg Catechism, at ng Westminster Confession.

Sa kasalukuyang panahon ngayon, ang mga pahayag na ito ay karaniwang naisasantabi at hindi nauunawaan, na nagdudulot ng malawakang kalituhan tungkol sa persona at gawa ni Cristo. Para sa karangalan ni Cristo at sa pagpapatibay ng pananampalataya ng Kanyang mga tagasunod, nilalayon ng Pahayag ng Ligonier sa Doktrina tungkol kay Cristo na mailahad ang makasaysayan, kinikilalang tama (*orthodox*), at biblikal na Christology ng iglesyang Kristiyano sa isang anyo na madaling bigkasin, magagamit para makatulong sa pagtuturo ng nagpapatuloy at walang humpay na pananampalataya ng iglesya, at makapagsisilbi bilang isang

pahayag ng pananampalataya na mapagkakasunduan ng mga mananampalataya mula sa iba't ibang mga iglesya upang sama-samang maisulong ang misyon. Ang pahayag na ito ay hindi isang pamalit sa mga makasaysayang creeds at confessions ng iglesya kundi isang karagdagan na naglalahad ng pinagsama-samang mga katuruan ng mga ito tungkol sa persona at gawa ni Cristo. Nawa'y gamitin ito ni Cristo para sa Kanyang kaharian.

Sa pangalan ng Anak ng Diyos na naging tao, na ating Propeta, Pari, at Hari,

R.C. SPROUL
SPRING 2016

Ipinapahayag namin ang kamangha-manghang hiwaga
ng Diyos na naging tao
at ikinagagalak ang ating dakilang kaligtasan
sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.

Kasama ng Ama at ng Banal na Espiritu,
nilikha ng Anak ang lahat ng bagay,
pinananatili ang lahat ng bagay,
at ginagawang bago ang lahat ng bagay.
Tunay na Diyos,
Siya'y naging tunay na tao,
dalawang kalikasan sa isang persona.

Ipinanganak siya ni Birheng Maria
at namuhay sa piling natin.
Ipinako sa krus, namatay, at inilibing.
Siya'y nabuhay muli sa ikatlong araw,
umakyat sa langit,
at muling darating
na taglay ang kaluwalhatian at kahatulan.

Para sa atin,
tinupad Niya ang Kautusan,
binayaran ang kasalanan,
at pinawi ang poot ng Diyos.
Isinuot Niya ang marurumi nating basahan
at tayo'y binihisan Niya
ng Kanyang katuwiran.

Siya ang ating Propeta, Pari, at Hari,
na nagtatayo ng Kanyang iglesya,
namamagitan para sa atin,
at namamahala sa lahat ng bagay.

Si Jesu-Cristo ang Panginoon;
pinupuri namin ang Kanyang banal na Pangalan
magpakailanman.

Amen.

Mga Katuruang Pinaninindigan at Itinatanggi

kasama ang mga Pruweba mula sa Bibliya

Artikulo 1

Pinanininindigan namin na si Jesus ang nagkatawang tao ng walang-hanggang Anak ng Diyos sa kasaysayan, ang ikalawang persona ng Banal na Trinidad. Siya ang Cristo, ang Mesias na ipinangako ng Diyos.[1]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay isang tao lamang o kathang-isip na gawa-gawa lang ng naunang iglesyang Kristiyano.

Artikulo 2

Pinanininindigan namin na sa kaisahan ng Diyos ang Anak na ipinanganak mula pa sa walang hanggan ay magkapantay, iisa sa pagka-Diyos (*homoousios*), at magkasing walang hanggan ng Ama at ng Banal na Espiritu.[2]

Itinatanggi namin na ang Anak ay katulad lang ng Diyos (*homoiousios*) o Siya ay inampon lang ng Ama para maging Kanyang Anak. Itinatanggi namin na ang Anak ay nakapailalim sa Ama mula pa sa walang hanggan (*eternal subordination*) kung ang pag-uusapan ay ang pagka-Diyos ng Trinidad (*ontological Trinity*).

Artikulo 3

Pinanininindigan namin, kaayon ng Nicene at Chalcedonian Creeds, na si Jesu-Cristo ay parehong tunay na Diyos at tunay na tao, dalawang kalikasan na pinagkaisa magpakailanman sa iisang persona.[3]

Itinatanggi namin na ang Anak ay nilikha. Itinatanggi namin na mayroong panahon na ang Anak ay hindi Diyos. Itinatanggi namin na mayroon nang katawan at kaluluwa si Jesu-Cristo bago pa man ang pagkakatawang-tao ng Anak sa kasaysayan.

---

[1] Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos... At naging tao ang Salita at tumahang kasama namin, at nakita namin ang kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa tanging Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan (Juan 1:1, 14). Tingnan din ang Awit 110:1; Mat. 3:17; 8:29; 16:16; Mar. 1:1, 11; 15:39; Luc. 22:70; Juan 10:30; 20:28; Gal. 4:4; Fil. 2:6; Col. 2:9; Heb. 5:7; 1 Juan 5:20.

[2] Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo (Mat. 28:19). Tingnan din ang Juan 3:15–16; 4:14; 6:54; 10:28; Roma 5:21; 6:23; 2 Cor. 13:14; Efe. 2:18; 2 Tim. 1:9; 1 Ped. 5:10; Jud. 1:21.

[3] Sapagkat sa kanya'y naninirahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan (Col. 2:9). Tingnan din ang Luc. 1:35; Juan 10:30; Roma 9:5; 1 Tim. 3:16; 1 Ped. 3:18.

Artikulo 4

Pinaninindigan namin ang hypostatic union, na ang dalawang kalikasan ni Jesu-Cristo ay pinagkaisa sa Kanyang iisang persona nang walang pagkakahalo, kalituhan, pagkakahati o pagkakabukod.[4]

Itinatanggi namin na ang pagpapakita sa pagkakaiba ng dalawang kalikasang ito ay nangangahulugang paghihiwalay sa mga ito.

Artikulo 5

Pinaninindigan namin na sa pagkakatawang-tao ni Jesu-Cristo, nanatili ang mga katangian ng kalikasan ng kanyang pagka-Diyos at pagkatao . Pinaninindigan namin na ang mga katangian ng dalawang kalikasang ito ay kabilang sa iisang persona ni Jesu-Cristo.[5]

Itinatanggi namin na ang kalikasang tao ni Jesu-Cristo ay mayroong mga katangian ng pagka-Diyos o makapaglalaman ng kalikasan ng pagka-Diyos. Itinatanggi namin na ang kalikasan ng pagka-Diyos ay nakapagsasalin ng mga katangian ng pagka-Diyos sa kalikasang tao. Itinatanggi namin na isinantabi o isinuko ng Anak ang alinman sa mga katangian ng Kanyang pagka-Diyos nang Siya'y magkatawang-tao.

---

[4] Sumagot si Simon Pedro at sinabi, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buháy." Sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, "Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat hindi laman at dugo ang nagpahayag nito sa iyo kundi ang aking Ama na nasa langit" (Mat. 16:16–17). Tingnan din ang Luc. 1:35, 43; Juan 1:1–3; 8:58; 17:5; Gawa 20:28; Roma 1:3; 9:5; 2 Cor. 8:9; Col. 2:9; 1 Tim. 3:16; 1 Ped. 3:18; Pah. 1:8, 17; 22:13.

[5] Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Jesus din naman, na siya, bagama't nasa anyo ng Diyos, ay hindi niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos, kundi hinubaran niya ang kanyang sarili at kinuha ang anyong alipin na naging katulad ng tao (Fil. 2:5–7). Tingnan din ang Mat. 9:10; 16:16; 19:28; Juan 1:1; 11:27, 35; 20:28; Roma 1:3–4; 9:5; Efe. 1:20–22; Col. 1:16–17; 2:9–10; 1 Tim. 3:16; Heb. 1:3, 8–9; 1 Ped. 3:18; 2 Ped. 1:1.

Artikulo 6

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ang nakikitang larawan ng Diyos, na Siya ang pamantayan ng tunay na pagkatao, at tayo na kanyang tinubos ay sa huli, magiging katulad ng Kanyang larawan.[6]

Itinatanggi namin na hindi lubos ang pagiging tunay na tao ni Jesu-Cristo, na Siya'y nagpakita lang na parang tao, o na wala sa Kanya ang isang makatwirang kaluluwa ng tao. Itinatanggi namin na sa *hypostatic union* ay niluklok ng Anak ang isang persona ng pagkatao sa halip na isang kalikasan ng pagkatao.

Artikulo 7

Pinaninindigan namin na bilang tunay na tao, taglay ni Jesu-Cristo sa Kanyang katayuang pagpapakaaba (*state of humiliation*) ang lahat ng likas na mga limitasyon at ang mga karaniwang pisikal na kahinaan ng kalikasan ng pagkatao. Pinaninindigan namin na Siya'y ginawang katulad natin sa lahat ng aspeto ng pagkatao , gayunma'y wala Siyang anumang kasalanan.[7]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay nagkasala. Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay hindi talaga nakaranas ng pagdurusa, tukso, o kahirapan. Itinatanggi namin na ang kasalanan ay kinakailangan para sa tunay na pagkatao o na ang kawalang-kasalanan ni Jesus ay hindi nakatugma sa Kanyang pagiging tunay na tao.

---

[6] Siya ang larawan ng Diyos na hindi nakikita, ang panganay sa lahat ng mga nilalang; sapagkat sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na hindi nakikita, maging mga trono o mga pagka-panginoon, maging mga pinuno o mga may kapangyarihan—lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at para sa kanya (Col. 1:15–16). Tingnan din ang Roma 8:29; 2 Cor. 4:4–6; Efe. 4:20–24; Heb. 1:3–4.

[7] Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao. Palibhasa'y nagtiis siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso (Heb. 2:17–18). Tingnan din ang Mik. 5:2; Luc. 2:52; Rom. 8:3; Gal. 4:4; Fil. 2:5–8; Heb. 4:15.

Artikulo 8

Pinaninindigan namin na ang makasaysayang Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay mahimalang ipinagbuntis, at ipinanganak ng Birheng Maria. Pinaninindigan namin kaayon ng Chalcedonian Creed na tama lang na siya'y tawaging ina ng Diyos (*theotokos*) dahil ang sanggol na kanyang ipinanganak ay ang Anak ng Diyos na nagkatawang-tao, ang ikalawang persona ng Banal na Trinidad.[8]

Itinatanggi namin na tinanggap ni Jesu-Cristo ang Kanyang pagka-Diyos mula kay Maria o na ang Kanyang kawalang-kasalanan ay nagmula sa kanya.

---

[8] Nang ikaanim na buwan, sinugo ng Diyos ang anghel na si Gabriel sa isang bayan ng Galilea, na tinatawag na Nazaret, sa isang birheng nakatakdang ikasal sa isang lalaki, na ang pangalan ay Jose, mula sa sambahayan ni David. Ang pangalan ng birhen ay Maria (Luc. 1:26–27). Tingnan din ang Mat. 1:23; 2:11; Luc. 1:31, 35, 43; Roma 1:3; Gal. 4:4.

Artikulo 9

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ang huling Adan na nagtagumpay sa gawaing itinalaga sa Kanya sa bawat bahagi nito kung saan nabigo ang unang Adan, at na si Jesu-Cristo ang ulo ng mga taong kabilang sa kanya, ang katawan ni Cristo.[9]

Itinatanggi namin na niluklok ni Jesus ang makasalanang kalikasan ng sangkatauhan o na namana niya ang orihinal na kasalanan.

Artikulo 10

Pinaninindigan namin ang aktibo (*active*) at di-aktibong (*passive*) pagsunod ni Jesu-Cristo, na sa Kanyang perpektong buhay ay ganap Niyang tinupad ang mga nararapat na alituntunin sa kautusan para sa atin , at na inako Niya ang parusa sa ating kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus.[10]

---

[9] Kaya't kung paanong sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at sa pamamagitan ng kasalanan ay ang kamatayan, kaya't dumating sa lahat ng mga tao ang kamatayan, sapagkat ang lahat ay nagkasala; tunay na ang kasalanan ay nasa sanlibutan bago pa dumating ang kautusan, ngunit hindi ibinibilang ang kasalanan kung walang kautusan. Gayunman, ang kamatayan ay naghari mula kay Adan hanggang kay Moises, kahit sa kanila na hindi nagkasala ng tulad sa paglabag ni Adan, na siyang anyo ng isa na darating. Subalit ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng pagsuway. Sapagkat kung sa pamamagitan ng pagsuway ng isa ang marami ay namatay, lalo pang sumagana para sa marami ang biyaya ng Diyos, at ang kaloob dahil sa biyaya ng isang tao, na si Jesu-Cristo. At ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng ibinunga ng pagkakasala ng isang tao; sapagkat ang kahatulan na dumating na kasunod ng pagkakasala ng isa ay nagbunga ng paghatol, subalit ang kaloob na walang bayad na kasunod ng maraming pagsuway ay nagbunga ng pag-aaring-ganap. Sapagkat kung paanong sa pagsuway ng isa ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa; ang tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng pagiging matuwid ay lalo pang maghahari sa buhay sa pamamagitan ng isa, si Jesu-Cristo. Kaya't kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway ay dumating ang kahatulan sa lahat ng mga tao; gayundin naman sa pamamagitan ng isang matuwid na gawa ay dumating sa lahat ng mga tao ang pag-aaring-ganap at buhay. Sapagkat kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan, gayundin sa pamamagitan ng pagsunod ng isa ang marami ay magiging mga matuwid. Subalit dumating ang kautusan na nagbunga ng pagdami ng pagsuway, ngunit kung saan marami ang kasalanan, ay lalong dumarami ang biyaya; upang, kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, ay gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng pagiging matuwid tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Panginoon natin (Roma 5:12–21). Tingnan din ang 1 Cor. 15:22, 45–49; Efe. 2:14–16; 5:23; Col. 1:18.

[10] Sapagkat kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan, gayundin sa pamamagitan ng pagsunod ng isa ang marami ay magiging mga matuwid (Roma 5:19). Tingnan din ang Mat. 3:15; Juan 8:29; 2 Cor. 5:21; Fil. 2:8; Heb. 5:8.

Itinatanggi namin na mayroong hindi nasunod o nabigong tuparin sa anumang bahagi ng kautusan si Jesu-Cristo. Itinatanggi namin na pinawalang-bisa niya ang kautusang moral.

Artikulo 11

Pinaninindigan namin na sa krus ay inihandog ni Jesu-Cristo ang sarili niya bilang kahalili na umako sa parusang nararapat (*penal substitutionary atonement*) sa mga kasalanan ng mga taong kabilang sa kanya, upang pawiin ang poot ng Diyos at tugunan ang kanyang hustisya. At siya ay nagtagumpay laban sa kasalanan, sa kamatayan, at kay Satanas.[11]

Itinatanggi namin na ang kamatayan ni Jesu-Cristo ay pambayad kay Satanas bilang pantubos sa atin. Itinatanggi namin na ang kamatayan ni Jesu-Cristo ay isang halimbawa lamang, o isang pagtatagumpay lamang laban kay Satanas, o isang pagpapakita lamang ng makatarungang pamamahala ng Diyos.

Artikulo 12

Pinaninindigan namin ang doktrina ng double imputation, na ang kasalanan natin ay iniluklok kay Jesu-Cristo at ang Kanyang pagiging makatarungan ay iniluklok sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya.[12]

Itinatanggi namin na ang kasalanan ay kinaligtaan na nang walang paghuhusga. Itinatanggi namin na ang aktibong pagsunod (*active obedience*) ni Jesu-Cristo ay hindi ibinilang sa atin.

---

[11] Na siyang inialay ng Diyos bilang handog na pantubos sa pamamagitan ng kanyang dugo na mabisa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay kanyang ginawa upang maipakita ang pagiging matuwid ng Diyos, sapagkat sa kanyang banal na pagtitiis ay kanyang pinalampas ang mga kasalanang nagawa sa nakaraan; upang mapatunayan sa panahong kasalukuyan na siya'y matuwid at upang siya'y maging ganap at taga-aring-ganap sa taong mayroong pananampalataya kay Jesus (Roma 3:25–26). Tingnan din ang Isa. 53; Roma 5:6, 8, 15; 6:10; 7:4; 8:34; 14:9, 15; 1 Cor. 15:3; Efe. 5:2; 1 Tes. 5:10; 2 Tim. 2:11; Heb. 2:14, 17; 9:14–15; 10:14; 1 Ped. 2:24; 3:18; 1 Juan 2:2; 3:8; 4:10.

[12] Para sa ating kapakanan, ginawa niyang may kasalanan siya na hindi nakakilala ng kasalanan, upang sa kanya tayo'y maging katuwiran ng Diyos (2 Cor. 5:21). Tingnan din ang Mat. 5:20; Rom. 3:21–22; 4:11; 5:18; 1 Cor. 1:30; 2 Cor. 9:9; Efe. 6:14; Fil. 1:11; 3:9; Heb. 12:23.

Artikulo 13

Pinaninindigan namin na sa ikatlong araw si Jesu-Cristo ay nabuhay muli mula sa pagkamatay at marami ang nakakita sa kanyang katawang muling nabuhay.[13]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay parang namatay lamang, o na ang Kanyang espiritu lang ang natirang buháy, o na ang Kanyang muling pagkabuhay ay nangyari lamang sa puso ng Kanyang mga tagasunod.

Artikulo 14

Pinaninindigan namin na sa Kanyang katayuan ng kaparangalan (*state of exaltation*) si Jesu-Cristo ang unang bunga ng muling pagkabuhay, na ginapi niya ang kasalanan at kamatayan, at na tayo rin ay muling bubuhayin dahil sa pakikipag-isa natin sa Kanya.[14]

Itinatanggi namin na ang naluwalhating muling nabuhay na katawan ni Jesu-Cristo ay ibang-iba sa katawang inilibing sa libingan sa hardin. Itinatanggi namin na ang ating muling pagkabuhay ay isang pagkabuhay lamang ng ating mga espiritu at hindi kasama ang ating mga katawan.

---

[13] Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin ding tinanggap: na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, at siya'y inilibing; at muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan, at siya'y nagpakita kay Cefas, at pagkatapos ay sa labindalawa (1 Cor. 15:3–5). Tingnan din ang Isa. 53; Mat. 16:21; 26:32; 28:1–10; Juan 21:14; Gawa 1:9–11; 2:25, 32; 3:15, 26; 4:10; 5:30; 10:40; Roma 4:24–25; 6:9–10; Efe. 4:8–10.

[14] Subalit ngayon, si Cristo ay binuhay mula sa mga patay, na siya ang unang bunga ng mga namatay. . . "O kamatayan, nasaan ang iyong pagtatagumpay? O kamatayan, nasaan ang iyong tibo?" (1 Cor. 15:20, 55). Tingnan din ang Roma 5:10; 6:4, 8, 11; 10:9; 1 Cor. 15:23; 2 Cor. 1:9; 4:10–11; Efe. 2:6; Col. 2:12; 2 Tes. 2:13; Heb. 2:9, 14; 1 Juan 3:14; Pah. 14:4; 20:14.

Artikulo 15

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ay pumaitaas at lumuklok sa Kanyang trono sa langit sa kanang kamay ng Diyos Ama, na Siya ay namamahala ngayon bilang Hari, at na Siya'y makikitang babalik muli taglay ang kapangyarihan at kaluwalhatian.[15]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay nagkamali tungkol sa takdang panahon ng Kanyang pagbabalik.

Artikulo 16

Pinaninindigan namin na ibinuhos ni Jesu-Cristo ang Kanyang Espiritu sa araw ng Pentecostes at na sa Kanyang pangangasiwaan (*session*) Siya ay namamahala sa lahat ng bagay, namamagitan para sa Kanyang mga tagasunod, at itinatatag ang Kanyang iglesya, na ang Ulo ay Siya lamang.[16]

Itinatanggi namin na itinalaga ni Jesu-Cristo ang obispo ng Roma bilang Kanyang kinatawan (*vicar*), o na sinumang tao maliban kay Jesu-Cristo ay maaaring maging ulo ng iglesya.

---

[15] Nang sila'y nagkakatipon, siya'y kanilang tinanong, "Panginoon, ito ba ang panahon na panunumbalikin mo ang kaharian sa Israel?" At sinabi niya sa kanila, "Hindi ukol sa inyo na malaman ang mga oras o ang mga panahon na itinakda ng Ama sa pamamagitan ng kanyang sariling awtoridad. Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, habang sila'y nakatingin, dinala siya sa itaas at siya'y ikinubli ng ulap sa kanilang mga paningin. Samantalang nakatitig sila sa langit at siya'y papalayo, biglang may dalawang lalaki ang tumayo sa tabi nila na may puting damit, na nagsabi, "Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo'y nakatayong tumitingin sa langit? Itong si Jesus, na dinala sa langit mula sa inyo ay darating na gaya rin ng inyong nakitang pagpunta niya sa langit" (Gawa 1:6–11). Tingnan din ang Luc. 24:50–53; Gawa 1:22; 2:33–35; Efe. 4:8–10; 1 Tim. 3:16.

[16] At kanyang inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat ng mga bagay sa iglesya (Efe. 1:22). Tingnan din ang Gawa 2:33; 1 Cor. 11:3–5; Efe. 4:15; 5:23; Col. 1:18.

Artikulo 17

Pinanininindigan namin na si Jesu-Cristo ay muling babalik taglay ang kaluwalhatian upang hatulan ang lahat ng tao at tuluyang gapiin ang lahat ng Kanyang mga kaaway, wasakin ang kamatayan, at pasimulan ang bagong langit at bagong mundo kung saan Siya ay maghahari nang may katuwiran.[17]

Itinatanggi namin na ang huling pagbabalik ni Jesu-Cristo ay naganap na noong AD 70 at ang Kanyang pagdating at ang mga pangyayaring kaakibat nito ay dapat tingnan na mga simbolo lamang.

Artikulo 18

Pinanininindigan namin na ang mga sumasampalataya sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo ay tatanggapin sa Kanyang walang hanggang kaharian, ngunit ang mga hindi sumasampalataya sa Kanya ay magdurusa ng walang hanggang kaparusahan nang may kamalayan sa impiyerno.[18]

Itinatanggi namin na bawat tao ay maliligtas. Itinatanggi namin na ang mga namatay nang walang pananampalataya kay Jesu-Cristo ay pupuksain na lamang.

---

[17] Sa ami'y ipinagbilin niya na mangaral sa mga tao at sumaksi na siya ang itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga buháy at ng mga patay (Gawa 10:42). Tingnan din ang Juan 12:48; 14:3; Gawa 7:7; 17:31; 2 Tim. 4:1, 8.

[18] Susuguin ng Anak ng Tao ang kanyang mga anghel, at titipunin nila sa labas ng kanyang kaharian ang lahat ng mga sanhi ng pagkakasala at ang mga gumagawa ng kasamaan; at itatapon nila ang mga ito sa pugon ng apoy. Doon ay magkakaroon ng pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin. Kung magkagayo'y magliliwanag ang mga matuwid na tulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang mga may pandinig ay makinig (Mat. 13:41–43)! Tingnan din ang Isa. 25:6–9; 65:17–25; 66:21–23; Dan. 7:13–14; Mat. 5:29–30; 10:28; 18:8–9; Mar. 9:42–49; Luc. 1:33; 12:5; Juan 18:36; Col. 1:13–14; 2 Tes. 1:5–10; 2 Tim. 4:1, 18; Heb. 12:28; 2 Ped. 1:11; 2:4; Pah. 20:15.

Artikulo 19

Pinaninindigan namin na lahat ng mga pinili kay Jesu-Cristo bago pa man nilikha ang mundo at lahat ng mga pinagkaisa sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya ay may nararanasang kagalakan sa pakikipagniig sa Kanya at sa isa't isa. Pinaninindigan namin na kay Jesu-Cristo ay tinatamasa natin ang bawat pagpapalang espirituwal, kasama ang pag-aaring ganap (*justification*), pag-aampon (*adoption*), ang pagpapabanal (*sanctification*), at pagluluwalhati (*glorification*).[19]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo at ang Kanyang nakapagliligtas na gawa ay maaaring paghiwalayin. Itinatanggi namin na maaari tayong makibahagi sa nakapagliligtas na gawa ni Jesu-Cristo nang hiwalay kay Jesu-Cristo mismo. Itinatanggi namin na maaari tayong makipag-isa kay Jesu-Cristo at hindi makipag-isa sa Kanyang katawan, ang iglesya.

Artikulo 20

Pinaninindigan namin ang doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang (*justification by faith alone*), na ipinapahayag ng Diyos na tayo'y makatarungan sa pamamagitan ng Kanyang mapagpalang gawa lamang, sa pamamagitan ng ating pananampalataya lamang kay Jesu-Cristo at sa kanyang gawa lamang, at hindi mula sa ating sariling personal na kagalingan o mga gawa. Pinaninindigan namin na ang pagtanggi sa doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang ay pagtanggi sa ebanghelyo.[20]

---

[19] Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang katawan, maging Judio o Griyego, mga alipin o mga laya—at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu (1 Cor. 12:13). Tingnan din ang Juan 14:20; 15:4–6; Roma 6:1–11; 8:1–2; 12:3–5; 1 Cor. 1:30–31; 6:15–20; 10:16–17; 12:27; 2 Cor. 5:17–21; Gal. 3:25–29; Efe. 1:3–10, 22–23; 2:1–6; 3:6; 4:15–16; 5:23, 30; Col. 1:18; 2:18–19.

[20] Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo (Rom. 5:1). Tingnan din ang Luc. 18:14; Roma 3:24; 4:5; 5:10; 8:30; 10:4, 10; 1 Cor. 6:11; 2 Cor. 5:19, 21; Gal. 2:16–17; 3:11, 24; 5:4; Efe. 1:7; Tito 3:5, 7.

Itinatanggi namin na tayo ay inaring-ganap batay sa anumang pagsasalin ng biyaya (*infusion of grace*) sa atin. Itinatanggi namin na tayo ay aariing-ganap lamang kapag tayo ay naging likas nang matuwid. Itinatanggi namin na ang pag-aaring-ganap na ito ay nakabatay ngayon o ibabatay kailanman sa ating katapatan.

Artikulo 21

Pinanininindigan namin ang doktrina ng pagpapakabanal (*sanctification*), na sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at batay sa gawa ni Jesu-Cristo ay iniligtas tayo mula sa naghaharing kapangyarihan ng kasalanan, ibinukod tayo, at ginawa tayong banal sa pamamagitan ng patuloy na paghuhubog sa atin sa wangis ng Kanyang Anak. Pinanininindigan namin na ang pagpapakabanal ay isang gawa ng biyaya ng Diyos at kasama at hindi maihihiwalay sa pag-aaring ganap, bagamat ito ay iba sa pag-aaring ganap. Pinanininindigan namin na hindi tayo basta walang ginagawa (*passive*) sa gawaing ito ng Diyos ng pagpapakabanal, tayo ay may responsibilidad na italaga ang ating mga sarili sa mga itinakda ng Diyos na mga paraan ng biyaya (*means of grace*) para sa ating patuloy na pagsisikap na mamatay sa kasalanan at mamuhay sa pagsunod sa Panginoon.[21]

Itinatanggi namin na ang isang taong inaring-ganap ay hindi agad magtataglay ng bunga ng pakikipag-isa kay Jesu-Cristo sa pagpapakabanal. Itinatanggi namin na ang ating mga mabubuting gawa, bagamat katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ay magtatamo ng ating pag-aaring ganap.

---

[21] Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na siyang nagpapala sa atin kay Cristo ng bawat pagpapalang espirituwal sa sangkalangitan, ayon sa pagkapili niya sa atin sa kanya bago itinatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging banal at walang dungis sa harapan niya sa pag-ibig (Efe. 1:3–4). Tingnan din ang Juan 17:17; Gawa 20:32; Roma 6:5–6, 14; 8:13; 1 Cor. 6:11; 2 Cor. 7:1; Gal. 5:24; Efe. 3:16–19; 4:23–24; Fil. 3:10; Col. 1:10–11; 2 Tes. 2:13; Heb. 12:14.

Itinatanggi namin na sa buhay na ito ay magtatapos ang pakikibaka natin sa pagpuksa sa nananatiling kasalanan, kahit na ang kasalanan ay wala nang kapangyarihang mamahala sa atin.

Artikulo 22

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ang nag-iisang tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga tinawag na tao. Pinaninindigan namin ang pagiging tagapamagitan ni Jesu-Cristo bilang Propeta, Pari, at Hari sa Kanyang katayuan ng pagpapakaaba (*state of humiliation*) at gayundin sa Kanyang katayuan ng kaparangalan (*state of exaltation*). Pinaninindigan namin na Siya ay pinahiran ng Banal na Espiritu upang gampanan ang tungkulin ng tagapamagitan na ibinigay sa Kanya ng Ama .[22]

Itinatanggi namin na ang Diyos ay mayroon o magkakaroon ng iba pang pagkakatawang-tao o na mayroon o magkakaroon pa ng ibang mga tagapamagitan ng kaligtasan maliban sa Panginoong Jesu-Cristo. Itinatanggi namin ang kaligtasan maliban kay Jesu-Cristo lamang.

---

[22] Sapagkat may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus (1 Tim. 2:5). Tingnan din ang Job 33:23–28; Luc. 1:33; Juan 1:1–14; 14:6; Gawa 3:22; Col. 1:15; Heb. 1:1–4; 5:5–6; 9:15; 12:24.

Artikulo 23

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo, bilang sukdulang Propeta ng Diyos, ang parehong paksa at layon ng propesiya. Pinaninindigan namin na ipinahayag at itinuro ni Jesu-Cristo ang kalooban ng Diyos, nagpropesiya ng mga mangyayari sa hinaharap, at na Siya mismo ang katuparan ng mga pangako ng Diyos.[23]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo ay nakapagbigkas ng bulaang propesiya, o maling salita, o na Siya ay nabigo o mabibigong tuparin ang lahat ng mga propesiya tungkol sa Kanyang sarili.

---

[23] At ngayon, mga kapatid, nalalaman kong ginawa ninyo iyon sa inyong kamangmangan tulad ng inyong mga pinuno. Ngunit sa ganitong paraan ay tinupad ng Diyos ang kanyang ipinahayag na mangyayari sa pamamagitan ng lahat ng mga propeta, na ang kanyang Cristo ay magdurusa. Kaya nga magsisi kayo at magbalik-loob upang mapawi ang inyong mga kasalanan, upang ang mga panahon ng kaginhawahan ay dumating mula sa harapan ng Panginoon; at upang kanyang suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, si Jesus. Siya'y dapat manatili sa langit hanggang sa mga panahon ng pagpapanumbalik ng lahat ng mga bagay, na sinabi ng Diyos noong una sa pamamagitan ng bibig ng kanyang mga banal na propeta. Tunay na sinabi ni Moises, "Ang Panginoong Diyos ay pipili para sa inyo ng isang propetang gaya ko mula sa inyong mga kapatid. Pakinggan ninyo siya sa lahat ng bagay na sabihin niya sa inyo" (Gawa 3:17–22). Tingnan din ang Mat. 20:17; 24:3; 26:31, 34, 64; Mar. 1:14–15; Luc. 4:18–19, 21; Juan 13:36; 21:22; 1 Cor. 1:20; Heb. 1:2; Pah. 19:10.

Artikulo 24

Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ang ating Dakilang Punong Pari ayon sa pagkapari ni Melquizedek, inialay ang Kanyang sarili bilang isang perpektong alay para sa atin at patuloy na namamagitan para sa atin sa harap ng Ama. Pinaninindigan namin na si Jesu-Cristo ang parehong paksa at layunin ng pinakadakilang handog na pambayad sa ating mga kasalanan.[24]

Itinatanggi namin na si Jesu-Cristo, na nagmula sa lipi ni Juda at hindi sa lipi ni Levi, ay hindi nararapat sa paglilingkod bilang ating pari. Itinatanggi namin na nagpapatuloy Siya sa pag-aalay ng Kanyang sarili sa Misa bilang haing-handog at pari, kahit hindi man ito sa madugong paraan. Itinatanggi namin na Siya'y naging isang pari lamang pag-akyat Niya sa langit at hindi siya isang pari noong siya'y nasa mundo.

---

[24] Sapagkat si Cristo ay hindi pumasok sa santuwaryo na ginawa ng mga kamay ng tao na mga kahalintulad lamang ng mga tunay na bagay, kundi sa mismong langit, upang dumulog ngayon sa harapan ng Diyos para sa atin. Hindi upang ihandog na paulit-ulit ang kanyang sarili, gaya ng pinakapunong pari na pumapasok sa Dakong Banal taun-taon na may dalang dugo na hindi mula sa kanya, sapagkat kung gayon ay kailangan siyang paulit-ulit na maghirap mula pa nang lalangin ang sanlibutan. Subalit ngayon, minsanan siyang nahayag sa katapusan ng panahon para sa pag-aalis ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili. At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom, ay gayundin naman si Cristo, na inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami, ay magpapakita sa ikalawang pagkakataon, hindi upang harapin ang kasalanan, kundi upang iligtas ang mga sabik na naghihintay sa kanya (Heb. 9:24–28). Tingnan din ang Juan 1:36; 19:28–30; Gawa 8:32; 1 Cor. 5:7; Heb. 2:17–18; 4:14–16; 7:25; 10:12, 26; 1 Ped. 1:19; Pah. 5:6, 8, 12–13; 6:1, 16; 7:9–10, 14, 17; 8:1; 12:11; 13:8; 15:3.

Artikulo 25

Pinaninindigan namin na bilang Hari, si Jesu-Cristo ay lubusang naghahari sa lahat ng mga may kapangyarihan sa mundo at sa langit—nakikita man o hindi—ngayon at magpakailanman.[25]

Itinatanggi namin na ang kaharian ni Jesu-Cristo ay isang pulitikal na kaharian lamang dito sa mundo. Itinatanggi namin na ang mga pinuno sa mundo ay walang pananagutan sa Kanya.

Artikulo 26

Pinaninindigan namin na kapag nalupig na ni Jesu-Cristo ang lahat ng Kanyang mga kaaway, ibibigay niya ang Kanyang kaharian sa Ama. Pinaninindigan namin na sa bagong langit at bagong mundo, makakasama ng Diyos ang Kanyang mga tinawag na tao, at na makikita ng mga mananampalataya si Jesu-Cristo nang harapan, magiging katulad Niya, at mararanasan ang kagalakan sa piling Niya magpakailanman.[26]

Itinatanggi namin na mayroong iba pang pag-asa para sa sangkatauhan o iba pang pangalan o iba pang paraan para masumpungan ang kaligtasan maliban kay Jesu-Cristo lamang.

---

[25] Sapagkat siya'y kailangang maghari hanggang mailagay niya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang paa (1 Cor. 15:25). Tingnan din ang Awit 110; Mat. 28:18–20; Luc. 1:32; 2:11; Gawa 2:25, 29, 34; 4:25; 13:22, 34, 36; 15:16; Roma 1:3; 2 Tim. 2:8; Heb. 4:7; Pah. 3:7; 5:5; 22:16.

[26] Pagkatapos ay darating ang wakas, kapag kanyang ibinigay ang kaharian sa Diyos Ama, pagkatapos na lipulin niya ang lahat ng paghahari at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. Sapagkat siya'y kailangang maghari hanggang mailagay niya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang paa. Ang huling kaaway na lilipulin ay ang kamatayan. Sapagkat ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang paa. Subalit kung sinasabi, "Lahat ng mga bagay ay ipinasakop," maliwanag na hindi siya kabilang na nagpasakop sa lahat ng bagay sa kanya. Subalit kapag ang lahat ng mga bagay ay ipinasakop na sa kanya, ang Anak ay pasasakop din sa kanya na nagpapasakop ng lahat ng mga bagay sa kanya, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat (1 Cor. 15:24–28). Tingnan din ang Isa. 65:17; 66:22; Fil. 2:9–11; 2 Ped. 3:13; 1 Juan 3:2–3; Pah. 21:1–5; 22:1–5.

Pagpapaliwanag

kasama ang mga Mungkahi
kung Paano Gamitin

Balang araw, ang buong mundo ay dadagundong sa isang natatanging pagpapahayag: "Si Jesu-*Cristo* ay Panginoon" (Fil. 2:11). Ang maikling pangungusap na ito ay nag-uumapaw sa kahulugan. Ang pagsasabing si Jesus ang Cristo ay pagsasabing Siya ang "Hinirang" ("*Anointed One*"). Ito ay pagsasabing Siya ang ipinangako at matagal nang pinakahihintay na Mesias.

Ang pagsasabing si Jesu-Cristo ay Panginoon ay pagsasabing Siya ay tunay na Diyos ng tunay na Diyos. Ang pagkakatawang-tao ni Jesus (*incarnation*) ay isang natatanging kababalaghan, isang kamangha-manghang hiwaga. Ang Diyos ay naging tao. Maging ang pagtawag sa kanya na Jesus ay pagsasabing Siya ang nag-iisa at natatanging Tagapagligtas. Dumating siya sa mundo na may misyon na iligtas ang Kanyang mga tinawag na tao mula sa kanilang mga kasalanan (Mat. 1:21).

"Si Jesu-Cristo ay Panginoon" ay isang kredo—isang maiksing pahayag ng paniniwala. Ang salitang kredo (sa English ay *creed*) ay nanggaling sa salitang Latin na credo, na ang ibig sabihin ay "sumasampalataya ako." Ang maikling kredong ito ay nagpapahayag ng kung ano ang pinaniniwalaan natin tungkol kay Cristo. Iniisip ng iba na ang 1 Timoteo 3:16 ay maaaring isa ring kredo. Dalawang dahilan ang tumutukoy rito. Una, ginamit ni Pablo ang ganitong pananalita, "Walang pag-aalinlangan, dakila ang hiwaga ng kabanalan." Ikalawa, ang mga grupo ng salita o mga parirala sa talatang ito ay may ritmo at ipinahayag nang patula. Ang mga pariralang ito ay bumubuo ng maikling buod ng katuruan tungkol kay Cristo na nagkatawang-tao:

> Siyang nahayag sa laman,
> pinatunayang matuwid sa espiritu,
> nakita ng mga anghel,
> ipinangaral sa mga bansa,
> sinampalatayanan sa sanlibutan,
> tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian. (1 Timoteo 3:16)

Ang biblikal na alinsunod (*biblical pattern*) ay mahalaga. Noong binuo ng unang iglesya ang mga konseho at gumawa ng mga kredo, hindi sila gumawa ng bagong paraan ng pagpapahayag ng pananampalataya. Kundi ito ay ang pagpapatuloy ng naitatag na na tradisyong biblikal.

Habang dumarating ang mga hamon, nanindigan ang unang iglesya. Isa pa, iniisip ng marami na ang mga pangangailangan ukol sa liturhiya (*liturgy*), o ang pagnanais para sa dalisay na pagsamba, ang nag-udyok din sa iglesya na magsulat ng mga kredo. Ito ay totoo lalo na sa doktrinang tungkol kay Cristo. Ang mahalagang katotohanan ng persona at gawa ni Jesus ay naging tanda ng Kristiyanismo sa paglipas ng mga siglo.

Ang mga manunulat mismo ng Bagong Tipan ay nakipaglaban sa mga maling kaisipan tungkol sa pagkakakilanlan at gawa ni Cristo. Sa mga unang siglo ng iglesya, iba-ibang grupo ang sumalungat sa tunay na pagkatao ni Cristo. Isang grupo, ang mga *Docetists*, ang nagturo na si Jesus ay "mukhang" tao lamang. Ang ibang mga maling paniniwala (*heresies*), tulad ng Arianism, ay sumalungat sa tunay na pagka-Diyos ni Cristo. Ang mga ito ay nagturo na Siya ay mas mababa kaysa sa Diyos Ama. Ang ibang mga sumunod na grupo naman ay nagkamali sa pagpapahayag kung paanong ang dalawanag kalikasan ni Cristo, ang Kanyang tunay na pagkatao at ang Kanyang tunay na pagka-Diyos, ay nagkaisa sa Kanyang iisang persona. Tinugunan ng unang iglesya ang mga hamon at mga pagkakamaling ito sa pamamagitan ng pagpupulong ng mga konseho at pagsusulat ng mga kredo upang ibuod ang katuruan ng Bibliya tungkol sa mga pangunahing katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano. Ang mga kredong ito ay isang mayamang pamana, na isinalin-salin mula sa isang henerasyon patungo sa kasunod. Kaya ngayon, taglay natin ang kayamanang ito sa *Apostles' Creed*, *Nicene Creed*, at *Chalcedonian Definition*. Ang mga kredong ito ay tagatakda ng hangganan, at linyang naghahati upang malinaw na makita kung ano ang tamang paniniwala (*orthodoxy*) at maling paniniwala (*heresy*).

Ang mga kredong ito ay nagsilbi para pagtibayin ang iglesya at, sa kamay ng namamahala at mapagpalang Diyos, ang mga ito ay gumabay sa mga Kristiyano upang tapat na maipahayag ang ebanghelyo. Binibigkas ang mga ito ngayon bilang isang patotoo sa kanilang nagpapatuloy na kahalagahan. Ipinapaalala ng mga ito na si Cristo ang nasa sentro ng ating teolohiya at nasa sentro ng ating pagsamba. Ang mga kredong ito ay nananawagan sa iglesya "na ipaglaban ang pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal" (Jud. 1:3).

Gayunpaman, ang mga kredong ito ay pahiwatig lamang sa gawa ni Cristo. Hindi lubusang naipapaliwanag ng mga ito ang ebanghelyo. Isang totoong salungatan sa lantad na iglesya (*visible church*) ang nangyari sa panahon ng Reformation. Ang gawa ni Cristo ang naging pangunahing isyu. Partikular dito, ang usapin tungkol sa doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan lamang ng pananampalataya (*justification by faith alone*) ang naging sentro ng kontrobersiya na nagpasiklab ng Reformation. Dito ay nahati ang iglesya sa pagitan ng grupo ng mga Protestante at ng mga Romano Katoliko. Pinanindigan ng Protestantismo ang doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan lamang ng pananampalataya (*sola fide*), samantalang itinakwil naman ng Romano Katoliko, alinsunod sa mga panukala ng Council of Trent, ang doktrina ng pag-aaring ganap sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, at piniling tingnan ang pag-aaring ganap bilang resulta ng kooperasyon ng pananampalataya at mga gawa. Naipakita rin ng Reformation ang isang pagkakaiba sa isa pang isyu, at ito ay ang sukdulang pinakamataas at nag-iisang pagiging ulo ni Jesu-Cristo sa Kanyang iglesya at, sa katunayan, sa lahat ng mga bagay.

Kung pagsasama-samahin, ang mga ekumenikal na kredo (*ecumenical creeds*) ng naunang iglesya at ang mga bagay na binibigyang-diin ng Reformation ay patnubay para sa iglesya sa pangangaral ng ebanghelyong matapat sa katuruan ng Bibliya. Ang mga kredo at ang iba't ibang kapahayagan (*confessions*) at katekismo na nanggaling sa Reformation ay nagbibigay ng mga buod ng pananampalataya at nagdudulot ng kalinawan sa pananampalataya at sa ebanghelyo.

Ang "Ang Salita na Naging Tao: Ang Pahayag ng Ligonier sa Doktrina tungkol kay Cristo" ay isang abang alay sa iglesya ng henerasyong ito—at, sa pagpapala ng Diyos, sa mga henerasyong darating—ng isang maiksing pahayag tungkol sa persona at gawa ni Cristo na mula sa kayamanan ng nakaraan, mula sa mga kredong ekumenikal at sa teolohiya ng Reformation. Maaaring ang pahayag na ito, kasama ang nakapaloob na dalawampu't anim na artikulo ng mga pinaninindigan at mga itinatanggi ay makapag-uudyok ng karagdagan pang mga diskusyon at pagbubulay-bulay sa mga mahahalagang bagay na may kinalaman sa doktrina tungkol kay Cristo. Maaaring ang pahayag na ito mismo ay mapatutunayang kapaki-pakinabang para sa iglesya. Buong pagsisikap ang ibinuhos namin upang ang pahayag na ito ay maging mainam para sa pampublikong pagbigkas. Nais namin na ang bawat taong makakarinig ng pahayag na ito ay kilalanin na "si Jesu-Cristo ay Panginoon."

ANG PAHAYAG

Ang pahayag na ito ay naglalaman ng anim na stanza o bahagi. Ang una ay nagsisilbing paunang salita, na may dalawang pangunahing salita: *ipinapahayag* at *ikinagagalak*. Ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili at ang Kanyang kalooban sa mga pahina ng Banal na Kasulatan. Ngunit mayroon pa ring "mga lihim na bagay" na Siya lamang ang nakakaalam (Deut. 29:29). Dapat nating palaging isaalang-alang ang mga limitasyon natin sa pag-aaral ng teolohiya. Kaya nagsimula tayo sa pamamagitan ng pagpapapahayag ng *kamangha-manghang hiwaga* ng ebanghelyo. Ang pangunahing diin ng pahayag na ito ay ang pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos (*incarnation*), na aming ipinaliwanag sa pamamagitan ng maikling katagang *Diyos na naging tao*. Ang persona ni Cristo ay nagtutungo agad sa gawa ni Cristo, kaya sama-sama tayong nagagalak sa ginawang pagliligtas ni Cristo.

Ang ikalawang bahagi ay nagbibigay-diin sa tunay na pagka-Diyos ni Cristo, na siya ay may pantay na posisyon sa mga persona ng Diyos na Tatlo-Ngunit-Isa (*triune*). Ang bahaging ito ay nagtatapos sa muling pagpapahayag ng Chalcedonian formula na galing sa

Definition of Chalcedon. Mula pa sa kanyang pagkakatawang-tao (*incarnation*), si Cristo ay naging at mananatiling dalawang kalikasan sa isang persona.

Ang pagpapaliwanag tungkol sa pagkakatawang-tao (*incarnation*) ang laman ng ikatlong bahagi, na binibigyang-diin ang tunay na pagkatao ni Cristo. Ipinanganak Siya. Siya ay Emmanuel, na ang ibig sabihin ay "kasama natin ang Diyos" (Mat. 1:23). Dito ay ipinapahayag namin na Siya'y namatay, inilibing, muling nabuhay, umakyat sa langit, at muling babalik. Ang mga ito ay pangkasaysayang katunayan (*historical facts*) ng pagkakatawang-tao.

Ang mga doktrinang itinuturo ng pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos ang kasunod na tinatalakay sa ikaapat na bahagi, na humahango sa mga katuruang muling natuklasan sa panahon ng Reformation. Para sa atin, perpekto ang naging pagsunod ni Jesus. Tinupad Niya ang Kautusan (*active obedience*) at binayaran ang parusa ng kautusan (*passive obedience*). Siya ang tupa na walang bahid, na naging kahaliling pantubos sa ating mga kasalanan (*substitutionary atonement*). Nilutas niya ang pinakamalaking problema na kinahaharap ng buong sangkatauhan: ang poot ng Banal na Diyos. Ang bahaging ito ay nagtatapos sa pamamagitan ng pagpapahayag ng doktrina ng paglalapat (*imputation*). Ang mga kasalanan natin ay inilapat, o ibinilang, kay Cristo, gayundin naman ang Kanyang katuwiran ay inilapat sa atin. Tayo ay nagkaroon ng kapayapaan sa Diyos bukod tangi at dahil lamang sa ginawa ni Cristo para sa atin. Tayo ay binihisan ng Kanyang katuwiran.

Ang tatlong bahagi ng panunungkulan (*munus triplex*) ni Cristo ay isang konseptong doktrinal na nakakatulong upang malinaw na maihayag ang gawa ni Cristo. Ang tatlong panunungkulan (*offices*) ng propeta, pari, at hari ay magkakahiwalay na mga tungkuling tagapamagitan (*mediatorial roles*) sa Lumang Tipan. Pinagsama ni Cristo ang tatlong ito sa Kanyang iisang persona, at perpektong isinasagawa Niya ang lahat ng ito. Pinagbulay-bulayan natin hindi lang ang gawaing tagapamagitan (*mediatorial work*) ni Cristo sa krus sa nakaraan, kundi pati rin ang Kanyang kasalukuyang gawain bilang ating tagapamagitan (*intercessor*) sa kanang kamay ng Ama.

Pinaninindigan ng pangwakas na bahagi ang nag-iisa at maikling

kapahayagan ng pananampalataya: *Si Jesu-Cristo ay Panginoon.* Ang lahat ng tamang teolohiya ay nauuwi sa doksolohiya, o pagsamba. Kaya naman, ang pahayag ay nagtatapos sa mahalagang salitang *pinupuri.* Sa pagsamba kay Cristo ngayon, tayo ay naghahanda para sa pangwalang-hanggang gawain natin.

ANG DALAWAMPU'T ANIM NA MGA ARTIKULO NG PINANININDIGAN AT ITINATANGG

Ang mga salita sa pahayag na ito ay nagsisilbing mga pintuan tungo sa isang pag-aaral ng doktrinang tungkol kay Cristo, na nag-aanyaya ng pagtuklas sa yaman ng mga biblikal na katuruan sa persona at gawa ni Cristo. Upang lalo pang gumabay sa atin, may idinagdag na dalawampu't anim na mga artikulo ng paninindigan at pagtanggi, bawat isa ay may kaakibat na pruweba mula sa Kasulatan. Isang pangunahing teksto ang nakasulat nang buo para sa bawat isang artikulo, na may kasamang iba pang mga tekstong nakasuporta rito. Ang mga artikulong ito ay nakapahalaga. Inilalatag ng mga ito ang hangganan ng biblikal na katuruan sa persona at gawa ni Cristo. Ang Artikulo 1 ay nagsisilbing paunang salita, na nagpapahayag ng paninindigan tungkol sa pagkakatawang-tao ni Cristo (*incarnation*).

Iginigiit ng Artikulo 2 ang tunay na pagka-Diyos ni Cristo, samantalang ang mga Artikulong 3–5 ay naglalatag ng katuruan ng Bibliya tungkol sa doktrina ng isang-persona, dalawang-kalikasan ni Cristo. Ipinapaliwanag ng mga Artikulong 6–9 ang tunay na pagkatao ni Cristo. Ang mga Artikulong 10–26 ay bumaling mula persona ni Cristo tungo sa gawa ni Cristo. Ang mga ito ay nagsisimula sa pagpapahayag ng paninindigan sa mga doktrina ng kaligtasan at nagtatapos sa paglalatag ng tatlong bahagi ng panunungkulan ni Cristo.

Ang mga pagtatanggi ay sobrang mahalaga. Hindi uso sa panahon natin ngayon, ang panahon ng pagpaparaya (*age of tolerance*), na ipahayag ang pagtanggi sa isang paniniwala. Ngunit ang mga artikulong ito ng pinanininindigan at itinatanggi ay hindi isinagawa bilang isang mapagmataas na pagpapalagay. Sa halip, ang mga ito ay inihahandog na kaakibat ang pag-asa na makakatulong ito sa

iglesya para manatili sa ligtas at mayamang hangganan ng biblikal na katuruan. Idinedeklara ng 2 Juan 9, "Ang sinumang lumalampas at hindi nananatili sa aral ni Cristo, ay hindi kinaroroonan ng Diyos." Tumutukoy ito sa paglampas sa biblikal na katuruan ni Cristo, o paglabas sa itinakdang mga hangganan ng doktrina tungkol kay Cristo ayon sa ipinahayag ng Salita ng Diyos. Habang pinalalawig ng dalawampu't anim na mga artikulo ang iba't ibang linya sa pahayag na ito, ang mga mismong artikulong ito ay maaaring magtungo sa mas malalim na biblikal na katuruan tungkol kay Cristo.

Tama lang na magtanong ang ilan kung bakit kailangan pa ang isang bagong pahayag na tulad nito. Iyan ay isang magandang tanong. Para sagutin iyan, inihahandog namin ang tatlong mga dahilan para sa pahayag na ito. Umaasa kami na mapagsisilbihan nito ang pagsamba at pagtuturo ng iglesya ngayon sa pamamagitan ng pagtugon sa mga hamon noon at ngayon. Umaasa rin kami na makapagbibigay ito sa mga naglilingkod para sa ebanghelyo ng isang pamamaraan kung paano makilala ang mga tunay na katuwang sa ministeryo. Panghuli, nawawari namin ang nalalapit na panahong mapanghamon para sa iglesya, at umaasa kami na ang pahayag na ito ay magpapaalala sa lahat ng pinakadiwa ng ebanghelyo—ang kagandahan nito, ang kahalagahan nito, at ang pangangailangan para dito sa kasalukuyang panahon. Isaalang-alang natin ang bawat isa sa mga dahilang ito:

PARA SA PAGSAMBA AT PAGPAPATIBAY NG IGLESYA

Buong pagpapakumbabang iniaalay ng Ligonier ang pahayag na ito para sa iglesya. Mula pa sa mga unang daan-daang siglo, ginamit na ng mga Kristiyano ang mga kredo sa kaayusan ng pagsamba ng iglesya. Inaasahan namin na ang pahayag na ito ay magagamit sa kaparehong layunin. Ang mga kredo ay makakatulong para magamit sa pagtuturo upang matuklasan ang lawak na saklaw ng biblikal na katuruan. Inaasahan din na ang pahayag na ito at ang dalawampu't anim na mga artikulo ay magagamit sa iglesya bilang isang gabay para sa karagdagang pagtuklas at pagbubulay ng katuruan ng Bibliya. Ang mga doktrina tungkol sa persona at

gawa ni Cristo ay napakahalaga sa pagkakakilanlan at kalusugan ng iglesya. Kailangan ng bawat henerasyon ng iglesya na muling pag-aralan at panindigan ang tamang katuruan at pagkakaunawa sa persona at gawa ni Cristo. Umaasa kami na ang pahayag na ito ay makakatulong sa gayong layunin.

PARA SA PAGTUTULUNGAN SA PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO

Lumalawak ang bilang ng mga iglesyang hindi kabilang sa anumang denominasyon (*nondenominational churches*), mga organisasyon, at iba't ibang mga kilusan sa buong mundo—marami sa mga ito ang naglilingkod upang isulong ang ebanghelyo. Minsan ay mahirap na malaman kung anong klaseng pakikipagkapit-bisig at pakikisama ang nakabubuti at maayos. Maaaring ang pahayag na ito ay makatulong kung paano kikilalanin kung sino ang mga kapatid kay Cristo at para mapagtibay ang parehong adhikain para sa ebanghelyo.

PARA SA PANAHONG KAGAYA NITO

Sa bayan ng Oxford ay nakatayo ang Martyrs' Monument, na nagsisilbing pag-aalaala sa ginawang sakripisyo ng ilang mga Reformers ng Britanya tulad nina Thomas Cranmer, Nicholas Ridley, at Hugh Latimer. Nagpapaalala ito kung paano nila ibinigay ang mga katawan nila upang sunugin, na nagpapatotoo sa mga banal na katotohanang pinanindigan at pinanatili nila laban sa mga kamalian ng iglesya ng Roma, at nagdiriwang na para sa kanila ay ipinagkaloob hindi lang ang maniwala kay Cristo, kundi ang magdusa rin alang-alang sa Kanya.

Pinaniwalaan, pinanindigan, at pinanatili nila ang mga banal na katotohanan ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Sa pagpapatotoo sa mga katotohanang ito, ipinangaral nila ang mga ito, ipinagtanggol, at nagdusa rin para sa mga ito. Sa paglipas ng daan-daang taon, marami ang sumali sa mga Reformers na ito. Malaking bahagi ng iglesya ngayon sa bahaging Kanluran ang nakakatamasa ng kalayaan sa relihiyon. Kung hanggang kailan ito magtatagal, ito ay isang malaking katanungan. Ang henerasyong ito at ang mga susunod pang mga henerasyon ay

maaaring tawaging magdusa para sa kanilang paniniwala kay Cristo. Hindi wasto kung hindi tayo maghahanda, at hindi rin naaayon kung hahayaan lang natin ang susunod na henerasyon na hindi rin nakahandang harapin ito.

Sa katunayan, ang mga katotohanan patungkol sa persona at gawa ni Cristo ay nararapat na paniwalaan, panindigan, panatilihin, at pagdusahan. Nakay Cristo ang buhay.

May pagkakataon sa buhay ni Cristo sa mundo na iniwan Siya ng maraming tao, at ang natira na lang sa Kanya ay ang mga kasa-kasama Niyang mga alagad. Tinanong Niya sila kung aalis din sila. Nagsalita si Pedro para sa kanilang grupo: "Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan. Kami'y sumasampalataya at nalalaman namin na ikaw ang Banal ng Diyos" (Juan 6:68–69). Paglipas ng ilang panahon, isa sa Labindalawa ang nagkaroon ng pagdududa. Mayroong patotoo tungkol sa Kanyang muling pagkabuhay, ngunit nagduda si Tomas. Pagkatapos ay nagpakita si Jesus kay Tomas. Hinawakan niya ang mga sugat ni Cristo, ang mga sugat na pinagtiisan Niya para sa ating mga kasalanan. Ipinahayag ni Tomas, "Panginoon ko at Diyos ko!" (Juan 20:28).

Kaya kami ay naniniwala. Kaya kami ay nagpapahayag.